Ang California Dream Fund ay pinapangasiwaan ng California Office of the Small Business Advocate (CalOSBA) sa pamamagitan ng mga piling center ng Technical Assistance Expansion Program (TAEP).



CALIFORNIA OFFICE OF THE SMALL BUSINESS ADVOCATE

# CALIFORNIA DREAM FUND

**Nagbibigay ng mga microgrant na hanggang $10,000 upang bigyang puhunan ang pagnenegosyo at paglikha ng maliliit ng negosyo sa California.**

# Gabay sa Programa at Pag-apply

Nirebisa 05.15.22

# Pangkalahatang Ideya ng Programa

Ang California Dream Fund Grant Program (CDFG o Dream Fund) ay nilikha noong 2021 ng Senate Bill No. 151 (Government Code Section 12100.63) upang makapagbigay ng mga microgrant na hanggang $10,000 upang punlaan ang mga entrepreneurship at pagtatayo ng maliliit na negosyo sa mga hindi gaanong napaglilingkurang maliliit na grupo ng negosyo na may kinakaharap na mga puwang sa kapital at oportunidad.

Ang California Small Business Technical Assistance Expansion Program (SB TAEP) ay nilikha noong 2018 upang palawigin ang mga serbisyo ng pederal na ginantimpalang mga programa sa teknikal na pagtulong para sa maliliit na negosyo na nagkakaloob ng isahan, kumpidensyal, libre, o murang pagkonsulta at pagsasanay sa maliliit na negosyo at entrepreneur sa estadong ito. Pinagtibay ang SB TAEP sa Government Code Section 12100-12100.69.  Ang Office of the Small Business Advocate (CalOSBA) sa loob ng Governor's Office ng Business and Economic Development (GO-Biz) ay inatasan sa pangangasiwa at pamamahala ng SB TAEP.

Ang Dream Fund ay nagbibigay ng halagang tatlumpu't limang milyong dolyares ($35,000,000) sa isang beses na pagpopondo ng kaloob sa mga karapat-dapat na maliliit na negosyo (**mga start-up**) na nakakumpleto ng programa sa pagsasanay sa pamamagitan ng isa sa 2021-22 SB TAEP na ginantimpalaang center.

# Mga Kinakailangan sa Pagiging Kwalipikado

CALIFORNIA DREAM FUND

**Mga Binibigyan ng Kaloob: Maliliit na Negosyo at mga Nonprofit**

Dapat matugunan ng isang maliit na negosyo o maliit na nonprofit ang sumusunod na pamantayan para maging kwalipikadong makatanggap ng kaloob na Dream Fund:

1. Dapat matugunan ang kahulugan ng isang kwalipikadong maliit na negosyo (tingnan ang mga Kahulugan sa pahina 4-7)

2. Beripikadong pagkukumpleto ng isang programa sa pagsasanay sa negosyo at isahang pagkonsulta sa isang SB TAEP na pinondohang Center ("SB TAEP Center");

3. Nairehistro ang negosyo o nakakuha ng lisensya sa negosyo sa Estado ng California pagkatapos ng Hulyo 1, 2019;

4. Nagsumite ng kinakailangang dokumentasyon upang simulan ang negosyo sa Estado ng California;

5. Nagsumite ng sariling sertipikasyon na nagpapatunay sa kanilang pagiging kwalipikado para sa kaloob ng Dream Fund; at

6. Nakakuha ng sertipikasyon mula sa SB TAEP Center na nagpapatunay sa kanilang pagiging kwalipikado para sa at pagkumpleto ng kinakailangang pagsasanay sa Dream Fund.

# Mga Negosyong Hindi Kwalipikado

CALIFORNIA DREAM FUND

Ang mga sumusunod na negosyo ay hindi kwalipikado para sa isang gantimpalang kaloob sa ilalim ng California Dream Fund:

1. Mga negosyong nakarehistro bago ng Hulyo 1, 2019;
2. Mga negosyong walang pisikal na lokasyon sa California;
3. Mga negosyong nonprofit na hindi nakarehistro bilang 501(c)(3), 501(c)(6) o 501(c)(19);
4. Mga entidad ng gobyerno (maliban sa mga Katutubong Amerikanong tribo) o mga opisina ng hinalal na opisyal;
5. Mga negosyong pangunahing nakikilahok sa mga politikal o lobbying na aktibidad (di alintana kung kwalipikado ang mga naturang entidad bilang 501(c)(3), 501(c)(6) o 501(c)(19));
6. Mga passive na negosyo, mga kumpanya sa pamumuhunan at mga namumuhunan na nag-file ng Schedule E sa kanilang mga personal na tax return;
7. Ang mga simbahan at iba pang mga institusyong panrelihiyon (hindi alintana kung kwalipikado ang mga naturang entidad bilang 501(c)(3), 501(c)(6) o 501(c)(19)) , maliban sa isang paaralan, pangangalaga ng bata, o iba pang mga kaakibat ng negosyong pang-edukasyon kung saan (i) mas malaki sa 50% ng kabuuang taunang kita (gross annual revenue) ay mula sa paaralan, pasilidad para sa pangangalaga ng bata o negosyong pang-edukasyon at (ii) gagamitin lang ang kaloob para sa mga karapat-dapat na gastusing direktang nauugnay sa paaralan, pangangalaga ng bata, o iba pang negosyong pang-edukasyon, at walang bahagi ng kaloob ang gagamitin para sa anumang normal na kita o overhead ng simbahan o iba pang institusyong panrelihiyon;
8. Mga negosyo sa pananalapi na pangunahing nakikilahok sa negosyo ng pagpapautang, tulad ng mga bangko, kumpanya ng pananalapi at mga factoring na kumpanya;
9. Mga negosyong nagsasagawa ng anumang aktibidad na hindi legal sa ilalim ng batas ng pederal, estado, o lokal; at
10. Mga negosyong malaswa o may katangiang sekswal.

# Mga Kahulugan

CALIFORNIA DREAM FUND

Ang mga kahulugan na patungkol sa Programang ito ay nakasaad sa ibaba.

A. Ang "**maliit na negosyo**" para sa Dream Fund Program ay nangangahulugan na negosyo na may 5 empleyado o mas mababa at $1 milyon o mas mababa sa mga taunang resibo.

B. Kabilang sa "**center para sa teknikal na tulong sa maliliit na negosyo**" ang pederal na center ng teknikal na tulong para sa maliliit na negosyo o anumang itinaguyod na 501c(3) nonprofit na organisasyon na nakabase sa komunidad, na may misyon na kinabibilangan ng pagbibigay ng pang-ekonomiyang lakas sa mga hindi gaanong napaglilingkurang microbusiness o maliliit na negosyo at mga entrepreneur at na nagpapatakbo ng mga programa sa pag-unlad ng entrepreneurial o maliit na negosyo na nagbibigay ng libre o murang serbisyo sa mga negosyo at entrepreneur na hindi gaanong napaglilingkuran sa California upang mapahintulutan ang kanilang paglunsad at tuloy-tuloy na paglago. Para sa mga layunin ng oportunidad sa kaloob na ito, dapat kabilang sa 2021-22 SB TAEP network ang isang center para sa teknikal na tulong sa maliliit na negosyo.

C. Kabilang sa "**nonprofit**" ang itinaguyod na negosyo na nagparehistro o naglalayong magparehistro bilang 501c(3), 501c(4), 501c(6), o 501c(19) na nonprofit na nagsesertipika na isa itong social enterprise na pinapaandar ng kanilang misyon.

D. Ang "**Kaloob ng Dream Fund**" ay nangangahulugan na isang seed fund na kaloob na hanggang $10,000 na ipinamahagi sa pamamagitan ng napiling ikatlong partido na administrador (hal., ang kontratista) sa mga kwalipikadong nagtatatag ng maliit na negosyo.

E. Ang mga "**grupo ng maliliit na negosyo na hindi gaanong napaglilingkuran**" ay tumutukoy sa mga negosyong pagmamay-ari ng mga babae, minorya (mga lahing hindi puti), beterano, indibidwal na walang dokumentasyon, indibidwal na may limitadong katatasan sa wikang Ingles, at may-ari ng negosyo na matatagpuan sa mga mahirap, naapektuhan ng sakuna, at panlalawigang komunidad. Ang mas malaking bahagi (hindi bababa sa 51%) ng negosyo ay dapat pagmamay-ari at pinapatakbo sa pang-araw-araw ng (mga) indibidwal sa nasabing (mga) grupo.

F. Ang "**maliit na negosyong pagmamay-ari ng minorya/taong hindi puti**" ay tumutukoy sa mga sumusunod na mga grupo ng lahi o etniko: Aprikanong Amerikano/Itim, Asyano, Katutubong Amerikano o Katutubo ng Alaska, o Katutubo ng Hawaii o Taga-Isla Pasipiko; o LatinX/Hispaniko.

# Mga Kahulugan

CALIFORNIA DREAM FUND

G. Ang "**beterano**" ay nangangahulugan na isang indibidwal na naglingkod sa aktibong tungkulin sa Hukbong Sandatahan, Hukbong Himpapawid, Hukbong-Dagat, Marine Corps, o Coast Guard para sa anumang tagal ng panahon at hindi nakatanggap ng dishonorable discharge o naglingkod bilang isang Reservist o miyembro ng National Guard at tinawag sa tungkulin sa pederal na aktibidad o nagkaroon ng kapansanan dahil sa sakit o pinsala na nagsimula o lumala habang nasa tungkulin o habang nagsasanay.

H. Ang "**Maliit na Negosyo na Pagmamay-ari ng Beterano**" ay tumutukoy sa isang maliit na negosyo na 51% o higit pa na pagmamay-ari at kontrolado ng isang indibidwal o mga indibidwal sa isa o higit pa sa mga sumusunod na grupo: Mga Beterano (maliban sa dishonorably discharged); Mga Beterano Nagkaroon ng Kapansanan sa Serbisyo; Miyembro ng Aktibong Tungkulin na Serbisyo Militar na nakikilahok sa Transition Assistance Program (TAP) ng militar; Mga Reservist at Miyembro ng National Guard; o Kasalukuyang asawa ng sinumang Beterano, miyembro ng Aktibong Tungkulin na serbisyo, o sinumang Reservist o miyembro ng National Guard; o balo/byudang asawa ng isang miyembro ng serbisyo na namatay habang nasa serbisyo o kapansanan na nauugnay sa serbisyo.

I. Ang mga "**mahirap na lugar**" ay tumutukoy sa isang lungsod at/o county sa California na may antas ng kahirapan na hindi bababa sa 150% ng antas ng kahirapan sa buong estado ng California batay sa pinakabagong na-update na datos mula sa American Community Survey 5-Year Estimates ng U.S. Census Bureau tatlumpung araw bago ng unang araw ng naaangkop na panahon ng application.

J. Ang mga "**panlalawigang komunidad**" ay nangangahulugan na lahat ng teritoryo, populasyon, at yunit ng kabahayan na matatagpuan sa labas ng mga urban area (50,000 o higit pang katao) at mga urban cluster (hindi bababa sa 2,500 at mas mababa sa 50,000 katao). Ang mga urban area at cluster ay tinutukoy ayon sa kapal ng populasyon at laki batay sa pinakabagong na-update na data mula sa American Community Survey 5-Year Estimates ng U.S. Census Bureau tatlumpung araw bago ng unang araw ng naaangkop na panahon ng application.

K. Ang "**naapektuhan ng sakuna**" ay nangangahulugan na lahat ng teritoryo na kasama sa isang deklarasyon o proklamasyon ng estado o pederal na emerhensya.

# Mga Kahulugan

L. Ang "**Simula ng Bagong Negosyo**" ay nangangahulugan na isang naitatag na bagong entidad ng negosyo kasunod ng makabuluhang pagkonsulta sa isang SB TAEP Center. Itinaguyod ito alinsunod sa mga sumusunod na beripikadong kondisyon:
   - nakumpleto ng kliyente ang programa ng pagsasanay para sa kalahok ng Dream Fund;
   - nakakuha ang kliyente ng mga kinakailangang lisensya at permit para patakbuhin ang kanilang negosyo sa tulong ng SB TAEP Center;
   - nagtaguyod ang kliyente ng pisikal na lokasyon para sa kanilang negosyo; at
   - kahit isa sa mga sumusunod na kaganapang nagkakwalipika:
     - nakagawa ng unang benta ang kliyente
     - nakakuha ng kahit na isang empleyado ang kliyente
     - nakalikha ng business banking relationship ang kliyente
     - gumastos ang kliyente sa mga gastusin ng negosyo (maaaring kabilang dito ang mga bayarin sa abugado at accounting); at/o
     - nakakuha ang kliyente ng kapital ng ikatlong partido o may-ari para sa negosyo.

# Mga Gantimpalang Kaloob sa mga Kwalipikado

## Uri ng Negosyo para sa mga **$5,000** na Kaloob[1]

1. E-Commerce / Marketplace

2. Maliit na Lab / Espasyo ng Tagagawa

3. Brick and Mortar (pinapatakbo sa ilalim ng sub-lease at hindi pangunahing occupant, co-working space, atbp.)

4. Service / Professional / Cottage Industry
   - Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:
     a. Cottage food
     b. Pagkokonsulta

5. Kalakalan ng Konstruksyon (hindi lisensyadong hindi pangkalahatang kontratista at iba pang mga kontratista na walang lisensya)
   - Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:
     a. Handyman;
     b. Paglalagay ng Tiles;
     c. Paglalagay ng Bakod;
     d. Paghahakot (Hauling); at
     e. Mababang boltahe na paglalagay ng kable.

6. Transportasyon
   - Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:
     a. Semitruck;
     b. Panghila na trak;
     c. Freight Site Dispatching;
     d. Broker; at
     e. Driver.

   Ang mga gig worker tulad ng Uber at Lyft ay hindi kwalipikado para sa California Dream Fund.

7. Pangangalaga sa Bata—Sa Bahay
   - Dapat magbubukas ng isang pasilidad para sa pangangalaga sa bata sa bahay
   - **Mahalagang Paalala:** Ang mga kwalipikadong aplikante para sa ganitong uri ng negosyo ay kinakailangang magsumite ng lisensya sa pangangalaga ng bata mula sa Estado ng California.

[1] Ang programang ito ay aasa sa NAICS code ng maliit na negosyo (tulad ng iniulat sa pinakakamakailang tax return ng maliit na negosyo kung mayroon, o ang pagpapatunay ng maliit na negosyo sa pagiging kwalipikado mula sa SB TAEP) upang patotohanan ang uri ng negosyo. Maaaring baguhin ang mga gantimpalang kaloob sa pagpapasya ng CalOSBA.

# Mga Gantimpalang Kaloob sa mga Kwalipikado

CALIFORNIA DREAM FUND

## Uri ng Negosyo para sa mga **$10,000** na Kaloob[1]

1. Brick and Mortar (Dapat na nagpapatakbo ng storefront, pangkomersyal na espasyo, atbp. )
   - **Mahalagang Paalala:** Ang mga kwalipikadong aplikante para sa ganitong uri ng negosyo ay kinakailangang magsumite ng ganap na naisakatuparan na master lease, sub-lease kung saan ang negosyo ang pangunahing occupant dito, o isang letter of intent sa isang pangkomersyal na espasyo.

2. Green Technology / Infrastructure
   - Ang mga kwalipikadong aplikante para sa ganitong uri ng negosyo ay dapat na lumilikha ng panteknolohiyang kumpanyang kayang palakihin kung saan ang mga pondo ay gagamitin para sa IP, pagbuo ng prototype, o para lumikha ng katibayan ng konsepto sa pamamagitan ng Research and Development.
   - Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:
     a. Renewable energy;
     b. Solar energy; at
     c. Mga Sasakyang Walang Emisyon.

3. Pagmamanupaktura
   - **Mahalagang Paalala:** Ang mga kwalipikadong aplikante sa ganitong uri ng negosyo ay kinakailangang magsumite ng ganap na naisakatuparan na master lease sa isang pangkomersyal na espasyo.

4. Propesyonal (non-consulting) / Siyentipiko / Teknikal
   - Ang mga kwalipikadong aplikante para sa ganitong uri ng negosyo ay dapat na lumilikha ng panteknolohiyang kumpanyang kayang palakihin kung saan ang mga pondo ay gagamitin para sa IP, pagbuo ng prototype, o para lumikha ng katibayan ng konsepto sa pamamagitan ng Research and Development.

5. Ang mga Kalakalan sa Konstruksyon (pangkalahatang kontratista, pangunahing subcontractor, o iba pang kalakalan sa konstruksyon na nag-ooperate sa ilalim ng isang balidong naaangkop na lisensya)
   - **Mahalagang Paalala:** Dapat may lisensya ng pangkalahatang kontratista ang mga pangkalahatang kontratisa.
   - Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:
     a. Tubero;
     b. Electrician; at
     c. Glazing.

[1] Ang programang ito ay aasa sa NAICS code ng maliit na negosyo (tulad ng iniulat sa pinakakamakailang tax return ng maliit na negosyo kung mayroon, o ang

# Mga Gantimpalang Kaloob sa mga Kwalipikado

CALIFORNIA DREAM FUND

**Uri ng Negosyo para sa mga $10,000 na Kaloob[1]**

6. Agrikultura / Pagbabawas sa Wildlife / Forestry
   - Procurement at pagkokontrata (hal.; paglilinis ng kalat/basura, paglilinis ng freeway, atbp.)
     - **Mahalagang Paalala:** Ang mga kwalipikadong aplikante para sa ganitong uri ng negosyo ay kinakailangang magsumite ng sertipikasyon ng estado o pederal mula sa isang nauugnay na ahensya (hal., US Forestry service, CalOES, USDA, atbp.)
   - Pagsasaka

7. Pangangalaga ng Bata—Pangkomersyal na Espasyo
   - Dapat magbubukas ng pangkomersyal na espasyo (hindi sa bahay) na pasilidad para sa pangangalaga ng bata
   - **Mahalagang Paalala:** Ang mga kwalipikadong aplikante para sa ganitong uri ng negosyo ay kinakailangang magsumite ng lisensya sa pangangalaga ng bata mula sa Estado ng California.

[1] Ang programang ito ay aasa sa NAICS code ng maliit na negosyo (tulad ng iniulat sa pinakakamakailang tax return ng maliit na negosyo [illegible] pagpapatunay ng maliit na negosyo sa pagiging kwalipikado mula sa SB TAEP) upang

# Mga Kwalipikadong Paggamit ng Pondo

CALIFORNIA DREAM FUND

**Mga Bibigyan ng Kaloob: Kwalipikadong Maliit na Negosyo**
Ang isang may-ari ng negosyo na nakatanggap ng kaloob alinsunod sa batas ay kinakailangang magsertipika ng sarili na gagamitin ang mga pondo ng kaloob para sa isa o higit pa sa mga sumusunod na kwalipikadong paggamit:

1. Mga gastusin sa empleyado kabilang ang mga gastos sa payroll, benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan, bayad na sick leave, medical leave, o family leave, at mga premium ng insurance;

2. Mga gastusing nauugnay sa pagsertipika at pagtaguyod ng negosyo sa Estado ng California kabilang ang lahat ng kinakailangang permit at lisensya;

3. Working capital at overhead, kabilang ang upa, mga bayad sa tubig, kuryente, atbp., mga pagbabayad sa mortgage principal at interes (hindi kasama ang mga paunang pagbayad sa mortgage), at mga obligasyon na utang (kabilang ang principal at interes) na natamo pagkatapos ng Hulyo 1, 2019 (hal., upang maging kwalipikadong obligasyon na utang, dapat pinasok ang kasunduan sa pagpapautang, promissory note, atbp., kung naaangkop, pagkatapos ng Hulyo 1, 2019);

4. Ang pag-apply para sa, o pag-renew ng, isang lokal na permit kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang permit na magbenta bilang isang sidewalk vendor;

5. Pamumuhunan sa imbentaryo; o

6. Mga bayarin na nauugnay sa pagpapatakbo ng negosyo at pagbuo ng negosyo na hindi kasama sa mga hindi kwalipikadong gastusin.

# Mga Hindi Kwalipikadong Paggamit ng Pondo



Ang mga sumusunod ay ang mga hindi kwalipikadong paggamit ng pondo ng kaloob:

1. Mga gastusin sa human resource para sa share ng Estado sa Medicaid;
2. Mga bonus ng empleyado o severance pay;
3. Mga buwis;
4. Mga legal na kasunduan;
5. Mga personal na gastusin o iba pang gastusin na hindi nauugnay sa negosyo;
6. Mga gastusin para sa mga pag-aayos/pagkukumpuni dahil sa mga pinsalang sagot na ng insurance; at
7. Pag-reimburse sa mga donor para sa mga donated na bagay o serbisyo.

# Kinakailangang Dokumentasyon

Para suriin ng Lendistry ang isang application, dapat i-upload ng mga aplikante ang lahat ng sumusunod na kinakailangang dokumentasyon:

1. Access Code ng Application
2. Sertipikasyon/Pagpapatotoo ng Application;
3. ID na Inisyu ng Gobyerno;
4. Patunay ng Organisasyon ng Negosyo (kahit na isa sa mga sumusunod):
   - Articles of Incorporation;
   - Articles of Organization;
   - Lisensya ng Negosyo;
   - Hindi Tunay na Pangalan ng Negosyo;
5. Propesyonal/Board/Occupational na Licensure (kung naaangkop);
6. 2019 at/o 2020 na ganap at kumpleto/hindi binagong Tax Returns (kung pinapatakbo na ang mga negosyo noong mga panahong iyon);
7. Salaysay ng Plano ng Negosyo;
8. Pagpaparehistro sa Department of Justice Charitable Trust Registry (para sa mga nonprofit na organisasyon lamang); at
9. Sertipiko ng Pagkumpleto ng Teknikal na Tulong



CALIFORNIA DREAM FUND

# Mga Tip sa Pag-apply

# Tip #1: Gamitin ang Google Chrome

Para sa pinakamahusay na karanasan ng user, gamitin ang Google Chrome sa buong panahon ng proseso ng pag-apply.

Maaaring hindi suportahan ng iba pang mga web browser ang aming interface at maaaring magdulot ng error sa inyong application.

Kung wala kang Google Chrome sa iyong device, maaari mo itong i-download nang libre sa https://www.google.com/chrome/.

Bago ninyo simulan ang application, gawin ang sumusunod sa Google Chrome:

1. **I-clear ang Inyong Cache**
2. **Gamitin ang Incognito Mode**
3. **I-disable ang Pop-Up Blocker**

## I-clear ang Inyong Cache

Ang naka-cache na data ay impormasyong naimbak mula sa dating ginamit na website o application at pangunahing ginagamit para mapabilis ang proseso ng pag-browse sa pamamagitan ng awtomatikong paglalagay ng inyong impormasyon. Gayunpaman, maaari ding kabilang sa naka-cache na data ang hindi napapanahong impormasyon tulad ng mga lumang password o impormasyon na dati ninyong ipinasok nang hindi tama. Maaari itong makalikha ng mga error sa inyong application at maaaring magresulta na ma-flag ito para sa maaaring panlilinlang.

## Gamitin ang Incognito Mode

Pinahihintulutan kayo ng incognito mode na magpasok ng impormasyon nang pribado at pinipigilang matandaan o ma-cache ang inyong data.


## I-disable ang Pop-Up Blocker

Kabilang sa aming application ang maraming pop-up na mensahe na ginagamit para kumpirmahin ang katumpakan ng impormasyong ibinibigay ninyo. Dapat ninyong i-disable ang pop-up blocker sa Google Chrome upang makita ang mga mensaheng ito.

# Paano I-clear ang Iyong Cache


## Ika-1 Hakbang

Magbukas ng bagong Google Chrome window, i-click ang tatlong tuldok sa itaas na kanang sulok, at pagkatapos, pumunta sa "**Mga Setting**."





## Ika-2 Hakbang

Pumunta sa "**Pagkapribado at Seguridad**", at pagkatapos, piliin ang "**I-clear ang Browsing Data**."




## Ika-3 Hakbang


Piliin ang "**I-clear ang Data**."



# Paano Gamitin ang Incognito Mode


## Ika-1 Hakbang

I-click ang tatlong tuldok sa kanang itaas na sulok ng inyong web browser, at pagkatapos, piliin ang "**Bagong incognito window**."




## Ika-2 Hakbang

Magbubukas ang iyong browser ng bagong Google Chrome window. Gamitin ang incognito mode sa buong proseso ng application.




# Paano I-disable ang Pop-up Blocker

CALIFORNIA DREAM FUND


## Ika-1 Hakbang

Magbukas ng bagong Google Chrome window, i-click ang tatlong tuldok sa itaas na kanang sulok, at pagkatapos, pumunta sa "**Mga Setting**."





## Ika-2 Hakbang


Pumunta sa "**Pagkapribado at Seguridad**", at pagkatapos, piliin ang "**Mga Site Setting**."




## Ika-3 Hakbang

Piliin ang "**Pop-up at mga Redirect**." I-click ang button para maging asul ito at magpapalit ang status mula "**Naka-block**" at magiging "**Pinapahintulutan**."



# Tip #2: Ihanda ang Iyong mga Dokumento sa PDF Format

**Dapat i-upload ang lahat ng kinakailangang dokumento sa Portal sa PDF format lang**. Dapat ang mga dokumento ay malinaw, nakatuwid, at walang nilalamang nakakagambalang background kapag inupload.

Mahahalagang Tatandaan sa Pag-upload ng mga Dokumento:

1. Ang lahat ng dokumento ay dapat na isumite sa PDF format (Ang ID na inisyu ng gobyerno ay maaaring isumite bilang PDF o JPEG).
2. Dapat mas maliit sa 15MB ang laki ng file.
3. HINDI MAAARING maglaman ng anumang espesyal na character (!@#$%^&*()_+) ang pangalan ng file.
4. Kung protektado ng password ang inyong file, kakailanganin ninyong ilagay ito.

!

**Wala kang scanner?**
Inirerekumenda namin ang pag-download at paggamit ng libreng mobile scanning app.

**Genius Scan**
Apple | Mag-click Dito para I-download
Android | Mag-click Dito para I-download


**Adobe Scan**
Apple | Mag-click Dito para I-download
Android | Mag-click Dito para I-download

Sample: Tamang Pag-upload





Malinaw at nakatuwid ang dokumento.

Sample: Hindi Tamang Pag-upload




1




2

1. Hindi nakatuwid ang dokumento.
2. Ang dokumento ay nasa harap ng window (magulong background) at may kamay na nakikita sa litrato.

# Tip #3: Gamitin ang Balidong Email Address

CALIFORNIA DREAM FUND

**Tiyakin na gumagamit ka ng balidong email address at na tama ang pagkakabaybay sa application.**

- Ang mga update at karagdagang patnubay para sa iyong application ay ipapadala sa email address na ibibigay mo. Hindi makikilala ang ilang mga email address sa system ng Lendistry at maaaring magdulot ng mga pagkaantala sa komunikasyon tungkol sa iyong application.

**Kung gumamit ka ng hindi tama o hindi balidong email address sa iyong application, mangyaring tawagan ang aming call center sa (888) 208-4984 para ma-update ang iyong impormasyon.**

HUWAG magsumite ng bagong application. Maaaring matukoy ang pagsusumite ng maraming aplikasyon bilang potensyal na panloloko at magagambala ang proseso ng pagsusuri para sa iyong application.

## Hindi Balidong mga Email Address

Hindi tatanggapin o kikilalanin ang mga sumusunod na email address sa aming system:

Mga email na *nagsisimula* sa **info@**
Halimbawa: info@mycompany.com

Mga email na *nagtatapos* sa **@contact.com** o **@noreply.com**
Halimbawa: mycompany@contact.com
Halimbawa: mycompany@noreply.com


# Tip #4: Hanapin ang Iyong NAICS Code

Sa panahon ng proseso ng application, kakailanganin mong magpasok ng North American Industry Classification System, o NAICS, Code para sa iyong Negosyo.

Ang NAICS Code System ay ginagamit ng Federal Statistical Agencies upang mangolekta, mag-analisa, at mag-publish ng pang-istatistikong data na nauugnay sa Ekonomiya ng U.S.

**Ang inyong NAICS code ay <u>itinatalaga nang sarili</u> at batay sa <u>inyong sariling pagtatasa</u> ng pangunahing aktibidad para sa inyong negosyo.**

Upang hanapin ang inyon NAICS code, pumunta sa: [https://www.naics.com/search/](https://www.naics.com/search/).





CALIFORNIA DREAM FUND

# Ang Proseso ng Application


Ang California Dream Fund ay pinapangasiwaan ng California Office of the Small Business Advocate (CalOSBA) sa pamamagitan ng mga piling center ng Technical Assistance Expansion Program (TAEP).

# Technical Assistance Expansion Program (TAEP)

Available lang ang California Dream Fund sa pamamagitan ng mga piling center ng California Small Business Technical Assistance Expansion Program (TAEP) Network of Centers.

Upang magkwalipika para sa isang kaloob, dapat nakakumpleto ang mga aplikante ng masusing programa ng pagsasanay sa mga kalahok na center sa pamamagitan ng Technical Assistance Expansion Program (TAEP). Kapag kumpleto na ang kanilang pagsasanay, makakatanggap ang mga kwalipikadong kalahok ng Sertipiko ng Pagkukumpleto at natatanging code ng application, na kakailanganin para mag-apply para sa isang kaloob na hanggang $10,000 sa pamamagitan ng Lendistry.

**Ang karamihan ng mga programa ng pagsasanay sa TAEP network ay kasalukuyang puno, at nagsasagawa na ng pagsasanay.**




Mag-click Dito para Maghanap ng Center

Mag-click Dito para Makita ang mga Kalahok na Center


# Saan Mag-aapply

Sa sandaling matanggap mo ang iyong natatanging code ng application, masisimulan mo ang application sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng California Dream Fund sa www.cadreamfund.com.

1. Upang magsimula ng bagong application, piliin ang "**Mag-apply**" mula sa menu. Ididirekta ka sa Application Portal ng Lendistry (tingnan ang pahina 24 para sanggunian).
2. Maa-access mo at mapapamahalaan ang iyong application anumang oras sa pamamagitan ng pag-click ng "**Portal ng Lendistry**."

Naglalaman din ang California Dream Fund website ng iba't ibang mapagkukunan upang matulungang gabayan ka sa buong proseso ng application. Kabilang sa mga mapagkukunan ang:

- Mga Patnubay para sa Programa
- Gabay sa Programa at Pag-apply
- Pag-download ng Sertipikasyon ng Pag-apply
- Listahan ng mga kalahok na Network ng mga Sentro ng TAEP
- Numero at Oras ng Call Center
- Mga Video-on-Demand
- Mga Madalas Itanong



# Lumikha ng Portal Account

CALIFORNIA DREAM FUND

Bago ka makakasimula ng bagong application, kakailanganin mong lumikha ng account para sa Portal ng Lendistry.

## Paano Lumikha ng Lendistry Portal Account

### Ika-1 Hakbang

I-click ang "**Mag-apply Ngayon**" para lumikha ng account.


### Ika-2 Hakbang

Irehistro ang iyong email address at numero ng telepono. **Ang email at password na irerehistro mo rito ang iyong magiging mga login credentials para sa Portal**, kaya napakahalaga na tandaan mo ang mga ito. **Kakailanganin mo ring magpasok ng totoo at gumaganang numero ng cellphone sa seksyon na ito**.


### Ika-3 Hakbang

Magpapadala sa iyo ng **code ng kumpirmasyon** sa pamamagitan ng SMS/Text, na kakailanganin mo upang makumpleto ang pagrerehistro ng iyong account. Upang maprotektahan ang iyong privacy at ibinigay na impormasyon, kakailanganin mo rin ng confirmation code sa tuwing magla-log in sa Portal. Maaaring malapat ang mga rate ng data at pagpapadala ng mensahe.




Irehistro ang inyong email at numero ng telepono.




Ilagay ang confirmation code.


# Seksyon 1: Mga Detalye ng May-ari

CALIFORNIA DREAM FUND

## Anong Impormasyon ang Kailangan?

- Pangalan
- Apelyido
- E-mail
- Address ng Tirahan
- Petsa ng Kapanganakan
- Social Security Number (SSN) o Indibidwal na Taxpayer Identification Number (ITIN)[1]
- Porsyento ng Pagmamay-ari
- Referral Partner[2]
- Mas Ninanais na Gamiting Numero ng Telepono
- Kasarian
- Lahi[3]
- Etnisidad[3]
- SMS/Text Policy[4]

[1]Kinakailangan upang tiyakin na wala sa OFAC na listahan ang aplikante.
[2]Ang referral partner na pipiliin mo ay hindi makakaapekto sa iyong application.
[3]Magbigay ng impormasyon para sa may-ari ng malaking bahagi ng negosyo o pangunahing may-ari.
[4]Lagyan ng tsek ang kahon kung nais mong makatanggap ng mga update sa iyong application sa panahon ng proseso ng pagsusuri sa pamamagitan ng SMS/Text.




# Seksyon 2: Impormasyon tungkol sa Negosyo – Ika-1 Bahagi

## Anong Impormasyon ang Kailangan?

- Legal na Pangalan ng Negosyo
- Doing Business As/“DBA” (kung naaangkop)
- EIN ng Negosyo (kung naaangkop)
- Social Security Number (SSN)[1]
- Address ng Negosyo
- Numero ng Telepono ng Negosyo
- Uri ng Negosyo (For-Profit o Nonprofit)
- Uri ng Entidad ng Negosyo
- Estado kung Saan Binuo
- Petsa kung Kailan Itinatag ang Negosyo
- Website ng Negosyo (kung naaangkop)

Tandaan: Para sa layunin ng aming web application, ang "negosyo" ay tumutukoy sa isang for-profit na negosyo o nonprofit na organisasyon.

[1]Ipasok ang SSN na ginamit ng inyong negosyo para mag-file ng mga tax return noong nakaraang taon.




# Seksyon 3: Impormasyon tungkol sa Negosyo – Ika-2 Bahagi

## Anong Impormasyon ang Kailangan?

- Layunin ng Paggamit ng Kaloob
- Halagang Hinihiling
- Taunang Kabuuang Resibo (Annual Gross Receipts) para sa 2019 (Dapat tumugma ito sa iyong mga tax return. Kung hindi ka nag-file ng mga tax return noong 2019, pakilagay ang "0" sa patlang na ito.)
- Taunang Kabuuang Resibo (Annual Gross Receipts) para sa 2020 (Dapat tumugma ito sa iyong mga tax return. Kung hindi ka nag-file ng mga tax return noong 2020, pakilagay ang "0" sa patlang na ito.)
- Makakalikha ba ng mga bagong trabaho ang kaloob na ito?
- Bilang ng mga Full-Time na Empleyado noong 2020
- Bilang ng mga Part-Time na Empleyado noong 2020
- Bilang ng mga Trabahong Nalikha noong 2020
- Bilang ng mga Trabahong Napanatili noong 2020

Tandaan: Para sa layunin ng aming web application, ang "negosyo" ay tumutukoy sa isang for-profit na negosyo o nonprofit na organisasyon.



# Seksyon 4: Tulong Teknikal


Pakilagay ang one-time code, kasama ang mga underscore, na ibinigay sa iyo pagkatapos makumpleto ang iyong programa sa pagsasanay sa Dream Fund.

Maaari mo ring mahanap ang iyong natatanging code sa iyong Sertipiko ng Pagkumpleto. Mahalagang Paalala: kakailanganin mo ring mag-upload ng kopya ng certificate sa seksyong “Mag-upload ng mga Dokumento” ng application na ito.

Dapat ay nakakumpleto ka ng isang kwalipikadong programa sa pagsasanay sa Dream Fund upang mag-apply para sa kaloob na ito.

Mag-click Dito para Maghanap ng Center

Mag-click Dito para Makita ang mga Kalahok na Center




# Seksyon 5: Demograpiko

## Anong Impormasyon ang Kailangan?

- Sino ang inyong customer base?
  - B2B: Business to Business
  - B2C: Business to Consumer
- Ano ang ginagawa ng inyong negosyo?
- Anong uri ng negosyo ito?
- NAICS Code
- Pagmamay-ari ng Babae? (Oo o Hindi)[1]
- Pagmamay-ari ng Beterano? (Oo o Hindi)[1]
- Pagmamay-ari ng May Kapansanan? (Oo o Hindi)[1]
- Prangkisa? (Oo o Hindi)[1]
- Panlalawigan? (Oo o Hindi)[1]
- Gustong Wika[1]


[1]Hindi makakaapekto ang tugon sa pagiging kwalipikado.



# Seksyon 6: Pagsisiwalat

## Anong Impormasyon ang Kailangan?

- Sa araw ng ng application, bukas ba at tumatakbo ang inyong negosyo?
- Ikaw ba ay lubos na sumusunod sa mga naaangkop na pederal, estado, at lokal na batas, regulasyon, kodigo, at mga rekisito?
- Itinatag ba ang inyong negosyo bilang isang non-profit o for-profit na negosyo?
- Inirehistro mo ba ang inyong negosyo sa California Department of Justice Charitable Trust Registry?
- Sa ilalim ng anong chapter mo nilalayong mag-file ng pagbubukod sa IRS?
- May utang ka bang buwis sa pederal, estado, o lokal at wala kang aprubadong plano ng pagbabayad o pagpapaliban, o hindi sang-ayon sa naaangkop na mga awtoridad sa pagbubuwis sa pederal, estado at lokal?
- Itinatag ba ang inyong negosyo bago ng 7/2/19?
- Taunang Kabuuang resibo (Annual Gross receipts) para sa 2021
- Ilang buwan bang tumakbo ang inyong negosyo noong 2021?
- Kailangan ba ng inyong negosyo ang 25% ng kaloob kaagad upang makakuha ng lisensya?
- May sinumang may-ari ba na higit sa 10% ng pagmamay-ari o equity interest ng aplikante (i) ay nagkaroon sa anumang panahon, ng paghahatol para sa o napatawan ng sibil na paghatol laban sa naturang may-ari, o nasimulan ang anumang uri ng parole o probation (kasama ang probation bago ng paghahatol) para sa (A) panloloko o kriminal na paglabag kaugnay ng pagkuha, pagsubok na makakuha, o pagsasagawa ng pampubliko (pederal, estado o lokal) na transaksyon o kontrata sa ilalim ng pampublikong transaksyon, (B) paglabag ng anti-trust o procurement na mga batas ng pederal o estado, o (C) paglulustay, pagnanakaw, pamemeke, panunuhol, pamemeke o pagsira ng mga record, pagbibitiw ng hindi totoong mga pahayag, o pagtanggap ng nakaw na ari-arian; o (ii) kasalukuyang may kaso para sa o kriminal o sibil na kinasuhan ng isang entidad ng gobyerno, (pederal, estado o lokal) ng pagsasagawa ng alinman sa mga paglabag na binanggit sa subparagraph (i) sa itaas?



# Seksyon 7: I-upload ang mga Dokumento


CALIFORNIA DREAM FUND

## Ika-1 Hakbang


Piliin ang icon na i-upload upang hanapin ang file ng dokumento sa inyong device.

## Ika-2 Hakbang

Kung protektado ng password ang file, piliin ang OO mula sa dropdown menu na pinamagatang “**Protektado ng Password?**” at ilagay ang password ng file. Kung hindi protektado ng password ang file, piliin ang HINDI.




Piliin ang **OO** kung protektado ng password ang file.





Piliin ang **HINDI** kung hindi protektado ng password ang file.

## Ika-3 Hakbang

Ang status nito ay dapat magbago mula sa “Hiniling” at magiging “Naisumite.”

## Ika-4 na Hakbang

Ulitin ang mga hakbang sa itaas hanggang sa ma-upload ang lahat ng dokumento.



# Seksyon 8: I-upload ang mga Dokumento


CALIFORNIA DREAM FUND

## Bakit kailangan ang iyong impormasyon sa pagbabangko?


Gumagamit ang Lendistry ng teknolohiya (Plaid) ng ikatlong partido upang i-set up ang mga ACH transfer sa pamamagitan ng pagkonekta ng mga account mula sa anumang bangko o credit union sa U.S. papunta sa app tulad ng Portal ng Lendistry. Hindi ibinabahagi ng ikatlong partido ang inyong personal na impormasyon nang walang pahintulot ninyo at hindi ito binebenta o pinauupahan sa mga kumpanya sa labas. Ginagamit lang ng Lendistry ang teknolohiyang ito para beripikahin ang inyong mga bank statement. Mas ninanais ang paraang ito ng pagbeberipika ng bangko pero hindi laging gagana kung hindi available ang inyong institusyon sa pagbabangko sa pamamagitan ng tagapagkaloob. Sa kasong ito, maaari mong beripikahin ang iyong bank account sa pamamagitan ng manwal na pagpasok ng impormasyon. !

## Mahalagang Paalala

- Ang lahat ng aplikante, maliban sa mga sole proprietor, ay kinakailangang gumamit ng business banking account. Maaaring gumamit ang mga sole proprietor ng personal banking account, pero dapat magtugma ito sa pangalan na nakalista sa application.





1





Magpatuloy sa Plaid.

2





Hanapin ang inyong institusyon ng pagbabangko.

3




Mag-sign in sa inyong online banking account.

4





Kumpirmahin ang pahintulot.

# Seksyon 9: Beripikahin ang Pagkakakilanlan

Sa seksyong ito, kakailanganin mong beripikahin ang iyong pagkakakilanlan gamit ang Persona sa pamamagitan ng pag-upload ng litrato ng iyong balidong ID na inisyu ng gobyerno. Kakailanganin mo ring kumuha ng selfie gamit ang isang device na may front-facing na camera.

## Ano ang Persona?

Ang Persona ay isang ikatlong-partido na platform na ginagamit ng Lendistry sa proseso nito sa pag-iwas at pagbawas sa panloloko. Ang platform ng Persona ay nagpapahintulot sa Lendistry na beripikahin ang pagkakakilanlan ng indibidwal at protektahan laban sa panggagaya ng pagkakakilanlan sa pamamagitan ng awtomatikong pagkukumpara ng selfie ng indibidwal sa kanilang litrato sa ID gamit ang 3-point composite at biometric liveness na mga pagsusuri.



# Seksyon 10: Pagsusuri ng Application Bago ng Pagsusumtie


CALIFORNIA DREAM FUND

Bago isumite ang inyong application, masusuri mo ang iyong mga tugon. Dapat mong kumpletuhin ang **lahat ng seksyon** ng application upang maisumite ito. Kabilang dito ang:

- Pagsagot sa lahat ng patlang sa application form;
- Pag-upload ng lahat ng kinakailangang dokumento;
- Pagberipika ng iyong bank account; at
- Pagberipika ng iyong pagkakakilanlan.

## Pagsusuri ng Iyong Application


1. Kung kailangan mong i-edit ang inyong application, i-click ang "**Mayroon akong mga ie-edit**" at itama ang mga mali.
2. Basahin ang mga Tuntunin at Kondisyon at lagyan ng tsek ang kahon upang sumang-ayon.
3. Kung nais mong suriin at isumite ang iyong application sa ibang oras, i-click ang "**I-save at Bumalik Mamaya**." Maaari kang mag-sign in sa Portal anumang oras upang pamahalaan ang inyong application. Sa Portal, matatapos at makukumpleto mo ang iyong application, maa-upload ang mga dokumento, mali-link ang impormasyon sa bangko, at matitingnan kung may update sa status.
4. Pagkatapos mong masuri ang iyong application at makumpirma na ang lahat ng impormasyon na ibinigay mo ay tumpak, i-click ang "**Tama ang Lahat, Isumite ang Application**" upang isumite ang iyong application. Sa sandaling maisumite mo ang inyong application, HINDI mo na mae-edit ang iyong mga tugon..



Makakatanggap ka ng email ng kumpirmasyon mula sa noreply@lendistry.com upang kumpirmahin na natanggap ang inyong application. Kung kailangan ang higit na impormasyon o dokumento, maaaring kontakin ka ng Lendistry sa pamamagitan ng email, telepono, at/o text (kung inawtorisahan) upang beripikahin ang impormasyong isinumite mo. Maaaring tulungan ka ng Lendistry sa pag-unawa kung anong impormasyon tungkol sa negosyo ang kailangan at kung paano mag-upload ng mga dokumento.

Ang mga email ng kumpirmasyon ay nagmumula sa Lendistry sa noreply@lendistry.com. Kung hindi ka nakatanggap ng email ng kumpirmasyon pagkatapos isumite ang inyong application, pakitingnan ang iyong spam folder kung may mga email mula sa noreply@lendistry.com at idagdag ang email address sa iyong ligtas na listahan ng mga sender sa email account mo.

TIP: Ilagay ang "Lendistry" sa iyong search bar





CALIFORNIA DREAM FUND

# Ang Proseso ng Pagsusuri

Ang California Dream Fund ay pinapangasiwaan ng California Office of the Small Business Advocate (CalOSBA) sa pamamagitan ng mga piling center ng Technical Assistance Expansion Program (TAEP).

# Proseso ng Pagsusuri

CALIFORNIA DREAM FUND

**Paano ko malalaman kung binigyan ako ng kaloob?**
Naglalaman ang proseso ng pag-apply sa programang ito ng maraming yugto ng pagpapatotoo. Dapat mo munang matugunan ang pinakamababang rekisito ng pagiging kwalipikado sa programa upang maisaalang-alang para sa kaloob. **Mahalagang Paalala: Ang pagtugon sa pinakamababang rekisito sa pagiging kwalipikado ay hindi naggagarantiya ng gantimpalang kaloob.**

Sa sandaling determinado ka nang maging kwalipikado para sa programang ito, dadaan ngayon ang iyong application sa panghuling pagpapatotoo upang tukuyin kung aprubado o tinanggihan kayo para sa pagpopondo. Bilang bahagi ng proseso ng pagpapatotoo na ito, **kakailanganin mong kumpirmahin ang ilang impormasyon nang live sa telepono**. Isang miyembro ng team ng Lendistry ang makikipag-ugnay sa iyo nang direkta upang kumpletuhin ang prosesong ito.

Sa sandaling ganap na napatotohanan ang inyong application, makakatanggap ka ng email mula sa Lendistry upang abisuhan ka kung naaprubahan o tinanggihan kayo para sa pagpopondo ng kaloob.

**Paano ko matitingnan ang status ng aking application?**
Matitingnan mo ang status ng iyong application anumang oras sa pamamagitan ng pag-sign up sa Portal ng Lendistry gamit ang username, password, at mobile number na inirehistro mo. Sa sandaling makapag-sign in, lilitaw ang status sa dashboard.

**Mag-sign in sa Portal ng Lendistry dito:**
https://cadreamfund.mylendistry.com/landing

**Ganap na napatotohanan ang aking mga dokumento at impormasyon ng bangko at naaprubahan para sa pagpopondo. Kailan ako makakatanggap ng pagpopondo?**
Sa sandaling ganap na napatotohanan at naaprubahan ang inyong application para sa pagpopondo ng kaloob, ang kasunduan sa tatanggap ng kaloob at W-9 form ay magiging available sa iyo bilang **DocuSign document** sa Portal ng Lendistry. Mag-sign in at sundin ang mga tagubilin mula sa DocuSign upang lagyan ng initial, pirmahan, at lagyan ng petsa ang parehong dokumento.

**Mag-sign in sa Portal ng Lendistry dito:**
https://cadreamfund.mylendistry.com/landing

**Mahalagang Paalala: Hindi ilalabas ang inyong mga pondo hanggang sa makumpleto ito.**



CALIFORNIA DREAM FUND

# Call Center

## 888-208-4984

Lunes-Biyernes
7:00 a.m. – 7:00 p.m. PST

**Ang California Dream Fund ay pinapangasiwaan ng California Office of the Small Business Advocate (CalOSBA) sa pamamagitan ng mga piling center ng Technical Assistance Expansion Program (TAEP).**